



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California  
Libreng Tawag (800) 776-5746*

# Pinahusay na mga Karapatan sa Pagpapalano ng Pagpapauwi para sa mga Residente ng Pasilidad ng Pangangalaga sa ilalim ng MDS 3.0 Seksyon Q

---

*Abril 2016, Lat #5496.08 - Tagalog*

## **I. Panimula at Legal na Awtoridad**

Ang Pederal na Batas sa Reporma ng Tahanang Pangangalaga (Federal Nursing Home Reform Act), o OBRA '87 (OBRA, Omnibus Budget Reconciliation Act), ay lumikha ng isang hanay ng mga pambansang pinakamababang hanay ng mga pamantayan sa pangangalaga at mga karapatan para sa mga taong naninirahan sa mga sertipikadong pasilidad ng pangangalaga.

Bahagi ng kung ano ang iniaatas ng Batas sa Reporma ng Tahanang Pangangalaga sa mga pasilidad ng pangangalaga ay ang "isang komprehensibo, tama, isinapamantayan, nauulit na pagtatasa ng bawat kakayahan sa paggawa ng residente" na: (i) naglalarawan ng kakayahan ng residente na maisagawa ang pang-araw-araw na mga tungkulin sa buhay at makabuluhang kahinaan sa kakayahan sa paggawa; (ii) batay sa pare-parehong pinakamababang hanay ng datos; (iii) gumagamit ng isang isinapamantayang instrumento; at (iv) kasama ang pagkilala ng mga medikal na [problema](#).<sup>1</sup>

---

<sup>1</sup> 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) sek. 1396r(b)(3)(A).  
["Bumalik sa Pangunahing Dokumento"](#)

Ang komprehensibong pagtatasa na ito ay ipinapatupad sa pamamagitan ng sistema ng Instrumento sa Pagtatasa ng Residente (RAI, Resident Assessment Instrument). Ang RAI ay idinisenyo upang mapabuti ang kalidad ng serbisyo sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga tahanang pangangalaga na bumuo ng indibidwal na mga plano ng pangangalaga, mga protokol para sa sumusunod na pangangalaga at mga algorithm na "nag-uudyok" sa potensyal na mga pangangailangang pangangalaga ng residente. Ang Pinakamababang Hanay ng Datos (MDS, Minimum Data Set), isang bahagi ng RAI, ay ginagamit upang kolektahin ang impormasyon tungkol sa katayuan ng pisikal at pangkaisipang kalusugan ng mga pasyente pati na rin ang mga tiyak na paggamot sa mga karaniwang pagitan ng [oras](#).<sup>2</sup>

## II. MDS 3.0

Inihayag ng Administrasyong Obama ang "Taon ng Pamumuhay sa Komunidad" ("Year of Community Living") noong Hunyo 2009, upang markahan ang ika-10 anibersaryo ng *pagpapasiyang Olmstead v. L.C.* Pagkatapos, inihayag ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (HHS, Health and Human Services) ang Mga Inisyatibo sa Pamumuhay sa Komunidad (Community Living Initiatives). Sa isang sulat na "Minamahal na Direktor ng Estado ng Medicaid" ("Dear State Medicaid Director") noong Mayo 2010 mula sa Mga Sentro ng mga Serbisyong Medicare & Medicaid (CMS, Centers for Medicare & Medicaid Services), inilarawan ang iba't-ibang Mga Inisyatibo sa Pamumuhay sa Komunidad, kabilang, sa ilalim ng "Pagpapalano ng Pagpapauwi" (Planning Discharge), ang isang paglalarawan ng Pinakamababang Hanay ng Datos (MDS) para sa mga Sertipikadong Pasilidad ng [Pangangalaga](#).<sup>3</sup>

Noong Oktubre 1, 2010, ang lahat ng sertipikadong pasilidad ng pangangalaga ay kinakailangan na magpatibay at magtupad ng isang

---

<sup>2</sup> 42 U.S.C sek 1396r(e)(5); 1396r(f)(6); 42 Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) sek. 483.315 ["Bumalik sa Pangunahing Dokumento"](#)

<sup>3</sup> SMDL# 10-008 ["Bumalik sa Pangunahing Dokumento"](#)

bagong 3.0 na bersyon ng [MDS](#).<sup>4</sup> Habang ang MDS 3.0 ay may ilang mga bagong pagpapahusay upang matiyak na ang mga pagtatasa ng residente ay mas nakasentro sa tao, may mga kapansin-pansing pagbabago sa Seksyon Q ng MDS, kung saan tinalakay ang pagpapalano ng pagpapauwi ng residente. Sa ilalim ng Seksyon Q, dapat na ngayon direktang tanungin ng mga pasilidad ng pangangalaga ang mga residente kung sila ay “interesadong matuto tungkol sa posibilidad ng pagbalik sa komunidad.” Kung ang isang residente ay nagpapahiwatig ng oo, kinakailangang gumawa ang pasilidad ng mga angkop na pagsangguni sa mga ahensya ng integrasyon sa komunidad tulad ng mga progamang Pag-uugnay ng Mapagkukunan para sa Pagtanda at Kapansanan (ADRC, Aging and Disability Resource Connection), Mga Sentro para sa Malayang Pamumuhay, Mga Namumunong Organisasyon (LO, Lead Organizations) sa Mga Transisyon sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions), at Mga Pampook na Ahensiya sa Pagtanda (Area Agencies on Aging). Ang karagdagang impormasyon tungkol sa MDS 3.0 at mga pagkakataon sa pagsasanay sa CMS ay maaaring makita sa: <https://www.cms.gov/Medicare/Quality-Initiatives-Patient-Assessment-Instruments/NursingHomeQualityInits/NHQIMDS30.html>. Sinisiguro ng pagpapabuti na ito sa MDS na ang lahat ng mga indibidwal ay tatanungin tungkol sa kanilang mga kagustuhan at bibigyan ng pagkakataon upang malaman ang tungkol sa mga pagpipilian sa komunidad.

### Talapanahon at Proseso para sa pagpapatupad

Simula Oktubre 1, 2010, nagsimulang gumamit ng MDS 3.0 ang mga pasilidad ng pangangalaga. Tulad ng inilarawan sa itaas, iniaatas ng Seksyon Q na tanungin ang lahat ng mga residente kung interesado silang kumausap ng tao tungkol sa pagbabalik sa komunidad.

Kung sumagot ang residente ng oo, isasangguni sila sa isang lokal na ahensiya ng pakikipag-ugnayan (LCA, local contact agency). Makikipag-

---

<sup>4</sup> Ang dating bersyon ay kilala bilang MDS 2.0. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

ugnayan ang LCA sa residente at ibibigay ang impormasyon tungkol sa mapagkukunan sa transisyon. Kung ang resident ay interesado na ituloy ang transisyon sa komunidad, ang pasilidad ng pangangalaga (NF, nursing facility) at ang LCA ay makikipagtulungan sa residente upang planuhin ang kanilang transisyon pabalik sa [komunidad](#).<sup>5</sup> Lahat ng mga residente (hindi alintana ang pinagkukunan ng nagbabayad) ay makatatanggap ng isang pagtatasa ng Seksyon Q ng MDS. Nagbibigay ang LCA ng mga mapagkukunan para sa mga residente na ang bayad sa pangangalaga ay binabalik ng lahat ng pinagkukunan ng binabayaran.

Ang mga tungkulin at responsibilidad para mga LCA ay inilarawan sa pangkalahatan sa pamamagitan ng proseso ng Seksyon Q, ngunit binibigyan ang mga estado ng malaking kaluwagan sa pagtukoy sa kanilang partikular na mga gawain at mga responsibilidad. Sa pangkalahatan, ang papel ng LCA ay upang makipag-ugnayan sa mga indibidwal na isinangguni ng mga kinatawan ng pasilidad ng pangangalaga sa pamamagitan ng mga proseso sa Seksyon Q sa isang napapanahong paraan, magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pagpipilian na mga serbisyo at suporta sa komunidad na pinakamahusay na maglilingkod sa mga pangangailangan ng indibidwal, at bigyan ang residente ng pagpipilian na mga ahensya ng transisyon upang makipagtulungan sa mga pasilidad ng pangangalaga upang ayusin ang transisyon sa pamumuhay sa komunidad kung maaari.

Ang eksaktong paraan at nilalaman ng pakikipag-ugnayan na iyon sa residente ng pasilidad ng pangangalaga ay itatakda ng bawat estado bilang tugon sa kanilang mga layunin sa pagbibigay ng mga pagpipilian na mga serbisyo at kapaligiran sa mga indibidwal, na may mahalagang kontribusyon mula sa lahat ng mga stakeholder na kasali.

---

<sup>5</sup>Depende sa kakayahan ng LCA na aktwal na makapagbigay ng mga serbisyo sa transisyon lampas sa impormasyon, maaaring gumawa ang LCA ng pagsangguni sa isang lokal na ahensiya na makikipatulungan sa residente at pasilidad. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumentong”](#)

Ang mga nakikipag-ugnayan sa residenteng ito ay tinatawag na impormasyon at [tulong](#)<sup>6</sup> o pagpapayo sa mga [pagpipilian](#)<sup>7</sup> sa ilalim ng iba't ibang mga programang pederal/pang-estado.

May mga tagubilin sa mga pasilidad ng pangangalaga sa Gabay sa Tagapagturo (Instructors Guide) ng MDS 3.0 para sa tugon na "Oo" upang mag-udyok ng pagpapalano ng kasunod na pangangalaga at makipag-ugnayan sa itinalagang lokal na ahensiya ng pakikipag-ugnayan tungkol sa kahilingan ng residente sa loob ng 10 araw ng negosyo sa ibinigay na tugon na oo. Gayunpaman, ito ay isang rekomendasyon, at hindi iniaatas.

Inaasahan ang kasunod na pangangalaga sa "makatwirang" haba ng panahon. Kasalukuyang walang mga iniaatas sa regulasyon o batas para sa MDS 3.0 na tumatalakay sa haba ng panahon na dapat gawin ng isang pasilidad ng pangangalaga ang pagsangguni sa isang LCA o haba ng panahon na dapat tumugon ang LCA sa mga pagsangguni mula sa pasilidad ng pangangalaga. Maaaring magtatag ang mga estado ng kanilang sariling proseso upang subaybayan ang [pagganap](#).<sup>8</sup>

---

<sup>6</sup>Ang Impormasyon at Tulong ay isang pangunahing serbisyo na kinakailangan para sa network ng mga tagapagbigay para sa pagtanda (Mga Pampook na Ahensiya sa Pagtanda) ng Administrasyon sa Pagtanda. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

<sup>7</sup>Ang pagpapayo sa mga pagpipilian, para sa pangmatagalang serbisyo at suporta sa pangangalaga, ay isang proseso ng pagkikipag-ugnayan ng desisyon-suporta kung saan ang mga mamimili, miyembro ng pamilya at/o mga makabuluhang karelasyon ay tutulungan sa kanilang mga pag-aaral upang matukoy ang naaangkop na pagpipilian sa pangmatagalang pangangalaga kaugnay sa mga pangangailangan ng mga mamimili, kagustuhan, pinapahalagahan, at indibidwal na kalagayan. (Pambansang Samahan ng mga Yunit ng Estado sa Pagtanda [National Association of State Units on Aging], *Pagpapayo sa mga Pagpipilian sa mga Pangmatagalang Suporta (Long-Term Supports Options Counseling)*, Paggamit ng Pananaliksik sa Malayang Pamumuhay (Independent Living Research Utilization), Enero 2007, p.4). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

<sup>8</sup>Ayon sa CMS, “Inaasahan namin ang makatwirang panahon sa pagtugon sa pakikipag-ugnayan sa bahagi ng LCA sa loob ng 3 araw sa pamamagitan ng telepono at sa loob ng 10 araw kung ang isang pagbisita sa lugar ay kinakailangan.” *Tingnan*, Pagpapatupad ng Seksyon Q ng MDS 3.0 Mga Katanungan at Sagot mula sa pagpupulong at mga email sa Pagbibigay-alam sa

### Paano Ipinapatupad ng California ang Seksyon Q MDS 3.0.

Nagtalaga ang Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services) ng isa o higit pang mga LCA sa bawat county. Ang mga LCA ay responsable sa pagpapanatili ng datos sa mga pagsangguni ng pasilidad ng pangangalaga, at pagbibigay ng impormasyon/edukasyon sa mga indibidwal na nagpahiwatig ng pagnanais na makipag-usap sa isang tao tungkol sa mga pagpipilian sa pamumuhay na naka-batay sa tahanan at komunidad. Ang mga LCA ay maaaring isa sa ilang mga uri ng ahensya: Mga Programang ADRC, Mga Namumunong Organisasyon sa Mga Transisyon sa Komunidad ng California, Mga Sentro ng Malayang Pamumuhay, o Mga Pampook na Ahensiya sa Pagtanda.

Ang mga LCA ay kinakailangan na magbigay ng impormasyon/edukasyon sa lahat ng mga interesadong indibidwal sa mga pasilidad ng pangangalaga at makakauha ng pagbabalik ng bayad para sa serbisyong ito nang hindi alintana ang pinagkukunan ng nagbabayad. Ang pagbabalik ng bayad para sa tulong sa transisyon ay kasalukuyang para lamang sa mga benepisyaryong Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Transisyon sa Komunidad ng California o kasalukuyang mga nagpaubaya na nakabatay sa Tahanan at Komunidad.

### Dalas ng Pangangasiwa

Sa kasalukuyan, ang mga pederal na kinakailangan para sa pangangasiwa ng pagtatasa ng MDS ay nagpahayag na ang pagtatasa ay dapat isagawa nang hindi lalampas sa 14 araw matapos ang petsa ng pagtanggap; kaagad pagkatapos ng isang makabuluhang pagbabago sa pisikal o pangkaisipan na kondisyon ng residente; at hindi sa anumang kaso mas

---

Pagpipilian na LTC (Informing LTC Choice)  
Setyembre 22, 2010. Tingnan din, <https://www.medicaid.gov/medicaid-chip-program-information/by-topics/long-term-services-and-supports/community-living/downloads/mds-3-0-section-q-implementation-q-a.pdf> "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

bababa sa isang beses sa bawat 12 [buwan](#).<sup>9</sup> Dagdag pa, ang mga pasilidad ng pangangalaga ay dapat “matasa ang residente gamit ang minsan sa tatlong buwan na instrumento ng pagtatasa na tinukoy ng Estado at inaprubahan ng CMS na hindi bababa sa isang beses sa bawat 3 [buwan](#).”<sup>10</sup> Ayon sa MDS 3.0 “Minsan sa Tatlong Buwang Hanay ng mga Item para sa Tahanang Pangangalaga para sa Pagtatasa ng Residente at Pagsasala ng Pangangalaga” (“Resident Assessment at Care Screening Nursing Home quarterly [NQ] Item Set”) na kagamitan sa pagtatasa na ang Seksyon Q ay isasagawa minsan sa bawat tatlong buwan.

### III. Paano nagtutulungan ang PASRR at MDS Q?

Ang Paunang Pagtanggap na Pagsasala at Pagsusuri ng Residente (PASRR, Preadmission Screening at Resident Review) at ang MDS Q ay bukod at hiwalay na mga legal na obligasyon. Inaatas ng PASRR sa mga pasilidad ng pangangalaga na suriin ang lahat ng mga indibidwal, bago o sa pagkatanggap at kapag may makabuluhang pagbabago sa kalagayan, para sa malubhang sakit sa kaisipan (MI, mental illness) o kapansanan sa pagsulong (DD, developmental disability). Tinatawag ito na Lebel I na pagsasala. Ang mga natukoy na indibidwal ay isasangguni sa naaangkop na ahensiya ng estado para sa isang Lebel II na pagsusuri. 42 C.F.R. §483.20(m). Sa California, ang mga indibidwal na may MI ay isasangguni sa Kagawaran ng Pangangalagang Pangkalusugan [Pangkalusugan](#)<sup>11</sup> (Department of Health Care) <http://www.dhcs.ca.gov/services/MH/Pages/PASRR.aspx> .

Ang mga indibidwal na may kapansanan sa pagsulong ay isasangguni sa Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pagsulong (DDS, Department of

---

<sup>9</sup> 42 U.S.C. sek. 1396r (b)(3)(c); 42 C.F.R. sek. 483.20(b)(2). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

<sup>10</sup> 42 C.F.R. sek. 483.20(c) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

<sup>11</sup> Tingan, <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Documents/Medi-Cal%20Mental%20Health/Medi-Cal%20MH%20Functions%20Currently%20Administered%20by%20DMH%2007.12.11.pdf>

[“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

Developmental Services) at sa lokal na Sentrong Pang-rehiyon. Tingnan, <http://www.dds.ca.gov/RC/Home.cfm> . Ang mga ahensyang ito ay responsable para sa pagsasagawa ng isang kumpletong pagtatasa at paggawa ng pagpapasiya sa kung ang antas ng pangangalaga ng NF ay angkop at/o kung ang dalubhasang serbisyo ay kinakailangan. Ang mga Lokal na Sentrong Pang-Rehiyon at lokal na ahensya ng kalusugang pangkaisipan ay may karagdagang mga obligasyon sa ilalim ng batas na magbigay ng batay sa komunidad na mga serbisyo at suporta.

Bagama't ang pagsasala at pagsangguning PASRR at MDS Q ay maaaring gawin nang halos sabay, ang mga obligasyon sa ilalim ng bawat isa ay naiiba at ang mga tungkuling naudyok ay kinukumpleto ng mga magkahiwalay na ahensiya. Gayunpaman, bilang bahagi ng proseso ng pagpapayo sa mga pagpipilian, maaaring ipagbigay-alam ng mga LCA sa mga residente ang mga serbisyo at suporta na magagamit nila sa pamamagitan ng mga Sentrong Pang-rehiyon at mga plano sa kalusugang pangkaisipan ng komunidad. Dagdag pa rito, bilang bahagi ng kanilang patuloy na obligasyon na matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente at magsagawa ng naaangkop na pagpapalano sa pagpapauwi, kailangang isaalang-alang din ng mga NF ang mga rekomendasyon na ginawa sa pamamagitan ng proseso ng pagtatasa ng PASRR.

#### **IV. Ang mga mapagkukunan para sa mga residenteng hindi tumatanggap ng pagtatasang MDS Q, o may iba pang problema sa pagpapalano ng pagpapauwi**

- Mga Opisina ng mga Lokal na Ombudsman : Ang Ombudsman ay tumatanggap ng mga tawag at nagsasangguni ng mga reklamo mula sa mga residente 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo (1-800-231-4024).
- Sentro ng Lokal na Malayang Pamumuhay: <http://www.rehab.cahwnet.gov/ils/ILC-List.html>
- Paglilisensya: Sa ilalim ng pederal na batas, maaaring magsampa ng reklamo ang mga residente ng tahanan pangangalaga sa anumang usapin na protektado ng batas, na kasama ang kanilang karapatan sa isang pagtatasang MDS Q, sa Kagawaran



ng Pamublikong Kalusugan (DPH, Department of Public Health), ang ahensya ng California na hinirang para sa paglilisensya at pagsusuri ng mga tahanang pangangalaga. Iimbestigahan ng DPH ang reklamo at gagawa ng sarili nitong mga pagpapasiya. Upang magsampa ng reklamo sa DPH, makipag-ugnayan sa tanggapan ng distrito ng Sangay ng Paglilisenya at Sertipikasyon (LCD, Licensing and Certification Division) sa iyong lugar na nakalista sa ibaba.

## **V. Mga Address ng Opisina ng Paglilisenya at Sertipikasyon ng Distrito**

- 1. Opisina ng Distrito ng East Bay**  
850 Marina Bay Parkway, Building P, 1st Floor  
Richmond, CA 94804-6403  
(510) 620-3900 / (866) 247-9100  
(800) 554-0352
- 2. Opisina ng Bakersfield**  
4540 California Ave, Suite 200  
Bakersfield, CA 93309
- 3. Opisina ng Chico**  
126 Mission Ranch Boulevard  
Chico, CA 95926  
(530) 895-6711 / (800) 554-0350
- 4. Opisina ng San Francisco**  
150 North Hill Drive, Suite 22  
Brisbane, CA 94005  
(415) 330-6353 / (800) 554-0353
- 5. Opisina ng Fresno**  
285 W. Bullard, Suite #101  
Fresno, CA 93704  
(559) 437-1500 / (800) 554-0351

6. **Opisina ng Distrito ng Los Angeles East**  
3400 Aerojet Ave., Suite 323  
El Monte, CA 91731  
(800) 228-1019 or (626) 569-3724
7. **Opisina ng Distrito ng Santa Rosa/Redwood Coast**  
2170 Northpoint Parkway  
Santa Rosa, CA 95407-7395  
(866) 784-0703 / (707) 576-6775
8. **Opisina ng Orange County**  
681 S. Parker Street, Suite 200  
Orange, CA 92868  
(714) 567-2906 / (800) 228-5234
9. **Opisina ng Riverside**  
625 East Carnegie Drive, Suite 280  
San Bernardino, CA 92408  
(909) 388-7170 / (888) 354-9203
10. **Opisina ng Sacramento**  
3901 Lennane Drive, Suite 210  
Sacramento, CA 95834  
(916) 263-5800 / (800) 554-0354
11. **Opisina ng San Bernardino**  
464 West Fourth Street, Ste. 529  
San Bernardino, CA, 92401  
(909) 383-4777/ (800) 344-2896
12. **San Diego—North**  
7575 Metropolitan Drive, Suite 104  
San Diego, CA 92108  
(619) 278-3700 / (800) 824-0613

13. **San Diego—South**

7575 Metropolitan Drive, Suite 211  
San Diego, CA 92108-4402  
(619) 688-6190 / (866) 706-0759

14. **Opisina ng San Jose**

100 Paseo de San Antonio, Suite 235  
San Jose, CA 95113  
(408) 277-1784 / (800) 554-0348

15. **Opisina ng Ventura**

1889 North Rice Avenue, Suite 200  
Oxnard, CA 93030  
(805) 604-2926 / (800) 547-8267

## Halimbawang Form ng Reklamo sa Tahanang Pangangalaga

Maaaring gamitin ang form sa ibaba bilang gabay para sa kung ano ang isasama kapag nagsasampa ng reklamo.

Petsa ng Pagkumpleto:

Pangalan ng taong nagsampa ng reklamo:

Tirahan:

Lungsod:

Estado:

Zip:

Pang-araw na telepono:

Panggabi:

Pangalan ng pasilidad:

Address ng pasilidad:

Lungsod:

Estado:

Zip:

Pangalan ng residente ng NH para kung kanino ang reklamo ay ginawa:

Reklamo:

(Mga) Petsa ng insidente:

(Mga) Oras ng paghalili kung kailan nangyari ang (mga) insidente, kung alam:

Araw  Hapon  Gabi (Mga) Oras:

Mga saksi (kasama ang mga propesyunal ng pangangalagang pangkalusugan):

Mga talaan na dapat suriin:

Pangalan ng (mga) kawani kung kasama sa paglabag ang aksyon o kakulangan ng aksyon ng kawani:

Markahan ang mga sumusunod na mga puwang na naaangkop:

**Nagpadala ako ng kopya ng aking reklamo sa angkop na tanggapan ng distrito ng Paglilisensya at Sertipikasyon ng Kagawaran ng Pampublikong Pangkalusugan ng California.**

Nagpadala ako ng kopya ng reklamong ito sa Ombudsman ng Programa.

Magpapadala ako ng isang kopya ng reklamong ito sa aking Mambabatas ng Estado ng California.

Magpapadala ako ng isang kopya sa Pangunahing Abogado.

Gusto kong malaman ang pangalan ng imbestigador na nakatalaga sa reklamong ito.

Gusto kong makipag-usap sa imbestigador bago siya pumunta sa pasilidad para sa isang pagbisita sa lugar.

Gusto kong samahan ang imbestigador sa pasilidad kapag ginawa ang imbestigasyon ng reklamo.

Gusto kong manatiling anonimo. Hindi ko gustong malaman ang aking pangalan o pagkakilanlan sa pasilidad ng pangangalaga.

Gusto ko ng kopya ng huling ulat ng reklamo, at paunawa ng aking mga karapatan kung ako ay hindi nasisiyahan sa inyong mga pagpapasiya.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga pahayagan at ipaalam sa amin kung ano ang lagay ng ang aming serbisyo!

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*